Ang Katotohanan Tungkol Sa IGLESIA NI CRISTO 1914

NIHIL OBSTAT:

Rev. Fr. Paul Scholl, SVD
Vicar General

IMPRIMATUR;
† Simeon Valerio, SVD, DD
Obispo ng Mindoro

Publisher

DIVINE WORD PUBLICATIONS

1980 All Rights' Reserved

Ang aklat na ito ay sinulat hindi upang maging sanhi ng pagtatalu-talo at pakikipaglaban sa ibang relihiyon lalo na sa Iglesya ni Felix M. Ysagun kundi upang bigyan ng kaukulang impormasyon at kaalaman ang mga mananampalatayang Katoliko at upang panatilihin at patibayin ang kanilang pananampalataya. Hindi ito naghahangad na sirain ang anumang paniniwala kundi pag-isahin ang mga tao sa katotohanan. Ito ang nais ni Cristo, kaya bago niya lisanin ang daigdig na ito ay nanalangin siya sa Ama ng ganito: "Amang banal, ingatan mo sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng lyong pangalan, pangalang ibinigay mo sa akin, upang sila'y maging isa, kung paanong tayo'y iisa" (Juan 17:11).

MGA NILALAMAN

I. Hango sa munting aklat na "The Iglesia ni Cristo" P. 3-17

Sinulat ni Joseph J. Kavanagh, S.J.

A. Paunang Salita P. 4

B. Ang Talambuhay ni Felix Manalo (kalakip ang sulat ni Rosita Trillanes na hango sa munting aklat ni Lino Javier na pinamagatang Anghel ba o Haring Solomon si Felix Manalo? p. 4-6). P. 4-7

C. Ang Kasaysayan at Pagkakatatag ng INK P. 7

D. Ang Aral at Doktrina na INK P. 7-9

E. Ang Kamalian ng Aral ng Iglesya ni Cristo P. 9-11

II. Mga Aral sa PASUGO na tinipon ni Julian Pinzon P. 12-41

III. Hango sa Anghel Ba o Haring Solomon si Felix Manalo?

Sinulat ni Lino D. Javier (1952)

A. Si Solomon at si Manalo P. 42

B. Ang Anghel at si Manalo P. 42

C. Babala P. 43

PAUNANG SALITA

Sa nakaraang maraming taon, tatlong magkakaibang kilusan ang nagpahina ng pagkakaisa ng mga Pilipino sa kanilang pananampalatayang Katoliko. Ang una ay pinamunuan nina Isabelo delos Reyes at Gregorio Aglipay. Ang pansamantalang tagumpay nito ay dahilan sa dalawang bagay: ang kanilang pagkamakabayan ng mga Pilipino at ang di lubos na pagkaunawa sa kaibhan ng Iglesya Independiente at ng kanilang kinamulatang Pananampalataya. Dahilan sa pagkakahiwalay sa dalawang magkakaibang pangkat, nawalan ng katanyagan at kasiglahan ang relihiyong Aglipay.

Ang ikalawang banta sa pagkakaisa sa pananampalataya ay nangyari noong dumating ang mga Amerikanong misyonerong protestante. Sila ay tumayong guro sa mga paaralan noong panahon ng pagsakop ng mga Amerikano sa ating bansa. Subalit hindi rin sila gaanong natagumpay sa pagpapakalat ng kanilang pananampalataya.

Ang ikatlong kilusan, ay katulad din ng nauna, na dito mismo sa ating bansa nagsimula. Ang nagtatag noon ay si Felix Ysagun (Manalo) bago nagsimula ang unang Digmaang Pandaigdig. Subalit iyon ay hindi naging tanyag hanggang sa matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig: Sa ngayon Ito ay isang samahang lumalaki at lumalaganap at isa sa pinakamalakas na kalaban ng Simbahang Katoliko dito sa Pilipinas.

Ang susunod na mga pahina ay naghibigay ng mga impormasyon tungkol sa Iglesya ni Cristo at sa nagtatag nito na walang iba kundi si Felix Manalo YSagun.

ANG TALAMBUHAY NI MANALO

Si Felix Manalo Ysagun ay isinilang sa Calzada, Tipas, Taguig, Rizal, noong Mayo 10, 1886. Ang kanyang ama ay si Mariano Ysagun at ang kanyang ina ay si Bonifacia Manalo. Pinili ni Felix na gamitin ang apelyido ng ina, at ayon sa mga taga Taguig, iyon ay ginawa niya nang kanyang itatag ang Iglesya ni Cristo (INK) sapagkat ang Manalo ay nangangahulugan ng "masayang pananagumpay".

Noong siya ay bata pa ay hindi siya nagkaroon ng gaanong pormal na pag-aaral. Natuto siyang bumasa at sumulat sa pamamagitan ni Macario Ocampo, subalit ang pag-aaral niyang ito ay napatigil dahil sa rebolusyon noong 1896. Pagkatapos noon, siya ay nanatili na lamang sa bahay at tumulong sa kanyang

ina sa gawain sa bukid, pangingisda, paggawa ng salakot at sumbrero para ipagbili.

Kahit na siya ay bininyagan at pinalaking Katoliko, ay maaga niyang nakasama ang mga Protestanteng misyonero. Noong taong 1900, siya ay nagsimulang umanib sa Methodist Episcopal Church. Hindi siya dito nasiyahan kaya siya ay lumipat sa Ellinwood Presbyterian School. Subalit hindi pa rin siya nasiyahan doon kaya siya ay lumipat naman sa Christian Mission, at naging mangangaral doon. Pagkalipas ng ilang panahon siya ay muling umalis at lumipat naman sa Seventh Day Adventist. Dito, siya ay gumugol ng panahon sa pag-aaral ng Bibliya, sumulat sa kanilang pahayagan at naging ministro. Subalit ang pag-aaral niya ng Bibliya ay nagbigay sa kanya ng mga pag-aalinlangan tungkol sa mga aral at doktrina ng Adventista, kaya siya ay nagpasyang muling umalis at mangaral ng sarili at magpahayag ng Mabuting Balita ayon sa kanyang pagkaunawa doon. Sinabi rin ng mga taga Taguig na si Manalo ay sumali rin sa relihiyong Colorum, at ang kanyang paglilipat-lipat ay nagtapos lamang nang itatag niya ang INK noong 1914. Bago nangyari ang pagtatatag na ito, siya ay nakapag-asawa at nagkaroon doon ng anim na anak.

Ang itinatag niyang simbahan ay hindi tinanggap ng mga taga Taguig, at maging ang kanyang malalapit na kamag-anak ay hindi sumapi sa simbahan niyang iyon. Hindi sila naniniwalang iyon ay galing sa Dios at para sa kanila iyon ay isa lamang paraan ng negosyo o hanapbuhay.

Ang kanyang pag-uugali ay lubos nating mauunawaan sa pamamagitan ng sulat ng nagngangalang Rosita Trillanes na napalathala sa Official Gazette, Vol. 1, July 1942, na hinango naman namin sa munting aklat na sinulat ni Lino Javier at pinamagatang "Anghel ba o Haring Solomon si Felix Manalo?" p. 4-6.

Ganito ang nilalaman ng liham na iyon:

Mga kapatid:

Dahil sa pag-ibig ko sa Iglesya at ukol sa inyong kabutihan ay sumulat ako sa inyo upang magtapat ng bagay na talagang nangyari sa akin at ng mga bagay na aking nasaksihan at nalaman sa panahon ng dalawang taong pagkatigil ko sa Central. Ako ay isang dalaga na naging kaanib ng Iglesya ni Cristo sa Batangas. Ako ay kinapootan at itinakwil ng aking mga magulang. Sa paniwala kong ako'y makakatagpo ng pag-aampon ay pumayag ako kay kapatid na Jacinto Torres na dalhin niya ako sa opisina Central. Noong ako

ay naroon ay naranasan ko ang lubhang napakapait at napakasakit sa buhay ng dalaga gaya noong lapastanganin ako ni Manalo na itinuturing kong isang ama. Noong una ay niligawan niya ako ngunit nang tumanggi ako sa kanyang mga ninanais ay binugbog at hinataw niya ako ng aking ikinawala ng malay-tao. At noong ako'y wala nang malay-tao ay ginawa niya ang kahalayang ibig niya sa akin. Doon ay lubhang naghirap ako dahil sa masamang palakad sa akin, paghataw at pagbabanta na tinatanggap ko kailan ma't tumututol ako sa mahahalay niyang nais sa akin.

Marami din akong nasaksihang mga ginahasa ni Felix Manalo, ang iba ay mga dalaga; ang iba ay mga asawa ng mga kaanib; samantalang ang isa ay asawa ng isang Ministro. Sinabi ni Manalo sa akin ang tungkol sa mga ibang kanyang ginawan ng kahalayan, noong ako'y kanyang hinihikayat na pumayag sa kanyang mga ninanais. Sinabi niya sa akin ang tungkol sa tatlumpung mga babaing kanyang pinagsamantalahan. Hindi ko maaaring ihayag ang kanilang mga pangalan upang pagtakpan ang kanilang karangalan, ngunit madalas silang nagpupunta sa Opisina. Sa piling ko ay pinagsikapan niyang ginahasa ang isang dalaga na pagkatapos ay nagbuntis at iyon ay nangyaring napapunta din sa opisina central ukol sa tanging pagkakataong may kaugnayan kay Manalo. Marahil ang dahiIan kung kaya si Liloy ay nagbitiw, ay sapagkat sinikap ni Manalong pilitin si Amada. Ang lahat ng mga itong kanyang nilapastangan ay nangatatakot magsabi sapagkat sila'y binalaang papatayin kung sila'y magsasabi, katulad ng ginawa niya kay Basilia Santos ng Paco, na itinuturo niya si Manalo, bilang ama ng kanyang dalawang anak. Naging balitang-balita Ito sa Paco.

Bago nagpunta si Manalo sa America, ay dinala niya ako sa bahay ng mga Protacio, sa Pasay. Ngunit noong wala pang isang buwan ay dumating siya upang kunin niya akong pabalik, nangangambang baka sinabi ko sa mga Protacio ang lahat ng kanyang inasal at ginawa sa akin; noong ako'y tumangging sumama sa kanya ay binalaan niya ako ng masama at tinakot niya ako ng isang rebolber at sa pamamagitan ng lakas ay pinilit niya akong sumama sa kanya. Pagkatapos nito ay pinalayas niya sa Iglesya ang mga mag-anak ng Protacio at pinaratangan ng kabulaanan.

Kanyang ginugugol ang lahat niyang buwanang sahod na P1,300.00 ukol sa mga babae at sa mga mahahalay na mga gawain, samantalang ang abang manggagawa ng Iglesya ay tumatanggap lamang ng P5.00, P10.00, P15.00, P20.00 isang buwan. Ang nangyayari sa lahat ninyong mga abuloy na iniaalay sa Dios, ay nagpupunta sa kanya at bagay na kanyang ginugugol ukol sa lahat niyang mahahalay na gawa. Sinabi ko kay kapatid na Doro ang lahat

ng bagay na ito noong si Manalo ay naroon pa sa America. Sa ganitong paraan ay pababayaan ba ninyong pagmalabisan ni Manalo ang mga kaanib at tanggapin ang Iglesya sa ngalan ng Dios...? Hindi ba ninyo iniibig ang Iglesya...? Ang inyong asawa at mga anak na babae ay nasa panganib sa kasawian sa mahahalay na pita ng taong iyan na ipinalalagay at kinikilala ninyong bilang tagapagturo ng mga salita ng Dios.

Ipinagtatapat ko sa inyo ang lahat ng bagay na ito, ipinauubaya ko sa inyo ang kapasiyahan na magagawa ninyo kung tunay na iniibig ninyo ang Iglesya at ang Dios. Sa paghimok sa babaeng iniibig niya maging siya ay isang dalaga o isang may asawa, ay binabanggit niya ang maraming asawa ni Solomon at inaangkin niyang ang taong sinugo ng Dios, ay dapat gawing maligaya at ang pagpayag na pagsang-ayon sa kanyang mga ninanais ay isang kapuri-puring gawa sa mga mata ng Dios. Matatanggap ba ng inyong mabuting diwa ang walang kaayusang ito...? Nasa inyo ang kapasiyahan.

Ang inyong kapatid na naging sawing palad dahil sa malabis na pagtitiwala,

ROSITA

ANG KASAYSAYAN AT PAGKAKATATAG NG INK

Ayon sa mga taga Taguig, si Manalo ay nagbalak nang magtayo ng kanyang simbahan noon pang taong 1911. Subalit iyon ay naisakatuparan lamang noong 1914, sa Punta, Santa Ana, Maynila; at tinawag na Iglesya ni Kristo (INK). Ang punong tagapagtatag ay si Felix Manalo sa tulong ng ilang kasamahan. Noong Hulyo 24, 1914, ito ay ipinatala sa Insular Government bilang Corporacion Unipersonal sa pangalang INK. Bilang isang korporasyong pag-aari ng isang tao lamang, siya lamang ang kinilala ng batas na may kapangyarihan doon. Kaya nga ang pagpapalakad at pamamahala ng INK at mga ari-arian noon, ayon sa batas, ay nasa kamay lamang at sa sinumang nais niyang pumalit sa kanya bilang pinuno.

Ang INK ay muling ipinatala pagkalipas ng walong taon, April 19, 1922 sa Kawanihan ng Pangangalakal at Industriya sa ilalim ng pangalang "Iglesya ni Cristo", "Iglesia de Cristo", at "Church of Christ".

ANG ARAL AT DOKTRINA NG INK

Ayon sa INK, ang tunay na Iglesya ni Cristo ay itinatag ni Cristo mismo sa

Jerusalem. Iyon ay naglaho sa daigdig noong nagkaroon ng Iglesya Katolika Romana — na ayon kay Manalo ay naganap noong ika-4 na siglo, at nang ang relihiyong Katoliko ay naging opisyal na relihiyon ng Pamahalaang Romano.

Ayon pa rin kay Manalo, ang matagumpay na paglaganap ng Simbahang Katoliko ay unti-unting nagpawala sa tunay na Iglesya ni Cristo. Ang tunay Iglesya ay muling lumitaw lamang noong taong 1914 nang ito ay itatag ni Manalo. Ayon sa kanya ang pagkawala at muling paglitaw nito ay parehong inihula, kaya ang kanyang ginawa ay ayon pa rin sa Bibliya. Itinatanggi ng INK ang aral ng Katoliko tungkol sa Banal na Trinidad. Ang Ama lamang ng Dios. Ang Espiritu Santo ay espiritwal na nilikha na ipinadala bilang sugo ng Dios. Si Cristo ay hindi Dios, sapagkat maliwanag na nakasulat sa Bibliya na siya ay tao, at mababa kaysa Ama. Subalit kahit na tao lamang, siya ay dinakila ng Dios sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng tanging handog at biyaya na magkaroon ng tungkuling higit pa sa alin mang tao. Siya ang nagtatag ng iisa at tunay ng Iglesya dito sa lupa, at ang tanging tagapamagitan ng Dios at ng tao. Dahilan sa kanyang mapanligtas na kamatayan nakamtan niya ang kapatawaran para sa mga tao at ang kanilang kaligtasan. Upang makamit ng tao ang bunga ng kanyang gawang pagliligtas, ang tao ay kailangang maging kaanib ng kanyang Katawan na walang iba kundi ang INK. Ang hindi kaanib ng INK ay walang kaligtasan.

Ang Sakripisyo ng Banal na Misa na isinasagawa ng mga paring Katoliko ay tinatanggihan din ng INK, at ang batayan ng kanilang pagtanggi ay ang sulat sa mga Hebreo 7:27, na nagsasabing si Cristo lamang ang Kataas-taasang Pari, at: "Hindi siya katulad ng ibang mga dakilang saserdote na kailangang maghandog ng mga hain araw-araw, una'y para sa sarili nilang kasalanan, at pagkatapos, para sa kasalanan ng mga tao. Minsang naghandog si Jesus — at ito'y pangmagpakailanman — nang ihandog niya ang kariyang sarili. Ayon sa Iglesya, walang nakaulat na ang mga apostol ay nag-alay ng Banal na Misa. Ang Huling Hapunan ay isa lamang ala-ala, hindi isang sakripisyo. Kaya ang Iglesya ay nagkakaroon ng pag-aalaala sa Huling Hapunan, upang tuparin ang sinabi ni Cristo, "Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin" ngunit wala silang pang araw-araw na Misa; iyon ay isang kulto, na naglalaman ng pagsamba, panalangin, awit at mga sermon.

Ang iba pang paniniwala ng mga Katoliko na hindi tinatanggap ng mga INK ay: ang maka-Dios na pinagmulan ng Iglesya Katolika, ang kapangyarihan ng Papa, ang di pagkakamali ng kanyang aral, ang pagiging tunay ni Cristo sa Banal na Eukaristiya, ang Pagpapari, Purgatoryo, Kumpisal, Ang Banal na Pagkakatawang tao, ang pagkawalang kamatayan ng kaluluwa, Panalangin sa

mga Santo at Santa at sa Mahal na Birhen, ang Paggalang sa mga Imahen at iba pa.

ANG KAMALIAN NG ARAL NG IGLESYA NI CRISTO:

Una sa lahat, hindi makatarungan na sabihin ni Manalo na inihula sa Bibliya ang ganap na pagkawala ng Simbahan na itinatag ni Cristo sa lupa. Maraming inihulang darating na maling aral at ito nga ay nangyayari, subalit hindi nasusulat sa Bibliya na ang Simbahang itinatag ni Cristo ay ganap na maglalaho. Sa katunayan, si Cristo ay nangako na iyon ay mananatili. Sa pagtatatag ng kanyang Simbahan ay sinabi niya: "... at hindi makapananaig sa kanya kahit ang kapangyarihan ng kamatayan" (Mateo 16:18). At bago siya umakyat sa langit, pagkatapos niyang ibigay ang utos sa kanyang mga alagad na ipangaral ang Mabuting Balita sa lahat ng bansa, ay idinagdag niya: "Tandaan ninyo: ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan" (Mateo 28:20). Ang mga salitang "ako'y sasainyo" ay pangako ni Cristo sa kanyang mga alagad at sa kanilang mga kahalili, na siya ay patuloy na tutulong sa pagpapalaganap ng kanyang Simbahan.

Mali rin ang mga INK sa kanilang pagtanggi sa pagka Dios ni Cristo, sa kanilang batayang nasusulat sa Bibliya ang kanyang pagiging tao. Hindi kailanman itinanggi ng Simbahang Katoliko na si Cristo ay tao. At hindi rin itinatanggi na nakasulat sa Bibliya na siya ay tao, at bilang tao siya ay mababa kaysa Dios Ama. Subalit pinaninindigan din ng Simbahang Katoliko na ang Bibliya ay nagtuturo rin na si Cristo, maliban sa siya'y tao, ay tunay rin at totoong Dios.

Marami ring nakasulat sa Bibliya ang magpapatunay ng pagiging Dios ni Cristo. Ang pagiging tunay na tao ni Cristo ay tinatanggap ng mga Katoliko — na si Jesu-Cristo ay ang Dios na tao — na siya ang Dios Anak, ang ikalawang persona ng Trinidad — na siya ay may dalawang kalikasan, ang maka-Dios na kalikasan at ang makataong kalikasan. At sapagkat siya ay may kalikasan ng Dios at ng tao, siya ay naisasalaysay sa Bibliya kung minsan bilang Dios at kung minsan naman bilang tao, kung minsan ay kapantay ng Dios, at kung minsan ay mababa kaysa Dios.

Itinatanggi ng INK ang pagiging Dios ni Cristo, at bunga nito, ay nagpipilit sina Manalo at ang kanyang mga tagasunod na sirain o ibahin ang kahulugan ng nakasulat sa Bibliya na nagpapatunay ng pagka-Dios ni Cristo. Narito ang ilang halimbawa: Ang paghahayag ni Tomas ng kanyang pananampalataya na siyang tumapos ng kanyang pag-aalinlangan at di paniniwala, noong ang

ating Panginoon ay napakita sa kanya pagkatapos ng muling pagkabuhay, ay ipinaliwanag sa isang paraang para bang ang sinabing iyon ni Tomas ay itinapon sa kalawakan, kahit na sinasabi sa Bibliya na iyon ay kay Cristo sinabi. "Sumagot si Tomas, 'Panginoon ko at Dios ko !" (Juan 20:28).

O sinasabi rin nila na ang pagpapahayag ni Tomas na ito ay naglalarawan ng maling paniniwala ng isang naguguluhang apostol na hindi pa nakakatanggap ng Espiritu Santo, kaya nagkamali siyang tawaging Dios si Cristo. Subalit maliwanag ding nakasulat doon na pumayag si Cristo sa ganitong pagpapakilala ng pananampalataya si Cristo ba ay nadaya rin tungkol sa kanyang sariling katauhan, at nangailangan pa ring babaan ng Espiritu Santo sa Pentekostes bago niya malaman ang katotohanan?

Ganoon din sa nilalamam ng sulat ni San Pablo sa mga taga Filipos 2:5ff, Ito ay inalisan ng INK ng tunay na kahulugan: "Magpakababa kayo tulad ni Cristo Jesus: Na bagamat siya'y Dios, hindi nagpilit na manatiling kapantay ng Dios, Bagkus hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka Dios, nagkatawang tao at namuhay na isang alipin. Nang maging tao, siya'y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan." Ang talata ay malinaw na naglalarawan ng pagkakatawang-tao ni Cristo — na ang anak ng Dios, kapantay ng Ama sa lahat ng bagay, ay nagpakababa kinuha ang kalikasan ng tao at namuhay na tunay na tao na may kanyang kahinaan at limitasyon.

Ang isa pang halimbawa ng pagkakamali ng INK ay ang pag-aakalang sa kanilang pagsasagawa ng "Santa Cena" ay talagang tinutupad nila ang bilin ni Cristong "Gawin ninyo Ito bilang pag-alaala sa akin"; samantalang ang mga Katoliko sa pamamagitan ng pagdiriwang ng Banal na Misa ay hindi sumusunod sa aral na nakasulat sa Bibliya. Tunay ngang sa pagsasagawa ng mga INK ng "Santa Cena" ay inaalaala nila si Cristo; subalit hindi nila sinusunod ang kanyang salita: "GAWIN NINYO ITO.... 'Ang salitang ITO ay tumutukoy sa mga kilos at salita ni Cristo, noong kinuha niya ang tinapay at alak at ginawa iyong tunay niyang Katawan at Dugo at inialay Iyon sa Ama bilang sakripisyo para sa mga tao. Kaya nga upang maisakatuparan ng mahusay ang biling Ito ni Cristo kaliangang gawin din ang katulad ng pag-aalay na ginawa niya bilang pag-alaala sa kanya.

Ang sumusunod na mga tanong at sagot ay nagpapatunay lamang na ang mga aral ng Iglesya ay magkakasalungat at walang pagkakaisa. Ang may akda nito ay hindi gumamit ng anumang reperensya kundi ang sarili na ring babasahin ng INK na walang iba kundi ang PASUGO. Ganito ang sinasabi ng may akda:

"Ang ginamit kong mga reperensya ay pawing hango sa Magasing Pasugo ng INK. Kung mapapatunayan ng sinuman na hindi totoo ang mga pagkakabanggit ay nakalaan akong magbigay ng mahalagang pabuya o kaya ay ihabla sa hukuman.

Dahil dito mga kababayan kong kinauukulan, suriin ninyong mabuti ang nasusulat sa susunod na mga pahina".

Julian A. Pinzon

A. "SI JESU-CRISTO'Y SINUGO NG DIOS UPANG MAGTATAG NG IGLESYA"

1. PASUGO Mayo 1963, p. 13:
   "Noong tumalikod ang bayang Israel at sumamba sa diyus-diyosan ay nagsugo ang Dios upang magtatag ng Iglesya"

2. PASUGO Setyembre 1940, p. 1:
   "Dapat malaman ng lahat, ayon sa Bagong Tipan, ang tunay na INK ay si Cristo ang nagtatag sapagkat siya ang sinugo ng Dios sa pagtatatag nito".

3. PASUGO Nobyembre 1940, p. 23:
   Iisa lamang ang tanging makapagtatayo ng Iglesya ang magiging dapat sa Dios. Kung sino — ang ating Panginoong Jesu-Cristo lamang! Sino mang tao — maging marunong o mangmang, maging dakila o hamak — ay walang karapatang magtayo ng Iglesya".

4. PASUGO Mayo 1968, p. 7:
   "Ang tunay na INK ay iisa lamang. Ito ang Iglesyang itinayo ni Cristo. Kung mayroon mangnagsisibangon ngayong mga Iglesya at sasabihing sila man ay IgIesya ni Cristo rin, ang mga ito ay hindi tunay na Iglesya ni Cristo kundi huwad lamang".

5. PASUGO Mayo 1954, p. 9:
   "Alin ang tunay na Iglesya? Ang Iglesyang itinayo ni Cristo sa Jerusalem".

ANG KABUUAN NG NASA ITAAS NA MGA TALATA AY GANITO:

1. Sinasariwa nila sa atin, ng mga tagapagtaguyod ng INK na lumitaw sa Pilipinas noong 1914, na si Cristo lamang ang tanging makapagtatayo ng Iglesyang magiging dapat sa Dios, at walang sinumang taong makapagtatayo ng Iglesya maging marunong o mangmang.

2. At ipinababatid pa rin nila na iisa lamang ang Iglesyang itinayo ni Cristo at sa Jerusalem niya itinayo noong unang siglo.

B. SI FELIX MANALO'Y SINUGO NG DIOS UPANG MAGTATAG NG IGLESYA"

1. PASUGO Agosto-Setyembre 1964, P. 2, 5:
"Sino ang sinugo ng Dios upang maitatag ang Iglesya sa Pilipinas? Sa lsaias

46:11, ay ganito ang sabi: 'na tumatawag ng ibong mandaragit mula sa silanganan ang taong gumagawa ng aking payo mula sa malayong lupain" (Si Felix Manalo). Ayon sa kumakaaway sa INK sinasabi raw sa Rehistro na si Felix Manalo ang nagtatag ng INK".

2. *PASUGO Mayo 1967, p. 14:*
   "Sa panahong ito ng mga wakas ng Lupa na nagsimula sa unang Digmaang Pandaigdig ay tatawag ang Dios ng kanyang huling sugo upang itatag ang kanyang huling Organisasyon. Kung gayon ang INK na lumitaw sa Pilipinas noong 1914, ay siyang Organisasyong Pinangunahan o Pinamahalaan ni Felix Manalo".

3. *PASUGO Hulyo 1955, nasa panakip:*
   "lyon ang lglesya ni Cristo na dapat pasukan ng lahat ng tao; at ang tanging sugo'y si kapatid na Felix Manalo."

4. *PASUGO Hulyo 1952, p. 4:*
   "Kung ang babatingan ng pag-uusap ay ang nagtatag, dapat na siya ang may-ari ng itinatag, at sa kanya rin manggagaling ang mga aral at turo na ipinatutupad"

ANG KABUUAN NAMAN NG MGA TALATANG NAPAPAILALIM SA TITIK NA *B* AY GANITO:

1. Ipinaaalaala nila sa atin na si Felix Manalo raw ang Sinugo ng Dios na nagtatag ng Iglesyang kanilang kinaaaniban, at si Kapatid nilang F. Manalo daw ang siyang tanging sugo sa Iglesya na lumitaw sa Pilipinas noong 1914.

2. At tinatanggap din nila na sinasabi raw sa Rehistro na si Felix Manalo ang nagtatag.

Ang sinasabi nilang ito na ating hinango sa kanilang PASUGO ay tumpak at walang pagtatalo sapagkat iyan nga ang buong katotohanan, ngunit ang mga katotohanang ito ay sila-sila na rin ang nagpapawalang saysay gaya nitong nasusulat sa mga PASUGONG sumusunod:

a. PASUGO Enero 1964, p. 6:"
   "Sino ang tunay na nagtayo ng Iglesya ni Cristo na lumitaw sa Pilipinas noong 1914? Hindi ang kapatid na si Manalo kundi ang Dios at si Cristo".

b. PASUGO Mayo 1964, p. 15:
"Tinatanggap halos ng lahat na sa Dios at kay Cristo ang INK na itinayo ni Cristo sa Jerusalem noong unang siglo. Datapuwat ang INK sa huling araw na ito na lumitaw sa Pilipinas noong 1914 ay hindi nila kinikilalang sa Dios at kay Cristo. Ito ay nagpapanggap lamang na INK ngunit ang totoo raw ay Iglesya ni Manalo. Walang katotohanan ang kanilang palagay na ito sapagkat walang Iglesyang kanya si Kapatid na Manalo".

ANG SINASABI NILANG ITO AY PINAGMUMULAN NG KAGULUHAN, SAPAGKAT IPINAGLALABAN NILA NG PUKPUKAN SA LARANGAN NG DEBATE, MAGING SA PALATUNTUNAN NG RADYO. DAHIL DITO, PINAGSIKAPAN NATING ISULAT SA MUNTING BABASAHING ITO ANG MGA PATOTOO NA HINDI ANG DIOS AT KAY CRISTO ANG IGLESYANG IYAN NA ITINATAG LAMANG NI FELIX MANALO.

NGAYON AY LIWANAGIN NATIN ITO SA PAMAMAGITAN NG MGA TANONG AT SAGOT UPANG MAUNAWAAN NATIN ANG BUONG KATOTOHANAN AT MGA KAMALIAN:

1— T: Totoo ba o hindi totoo na si Felix Manalo ang siyang nagtatag ng INK—1914?

S: Ang pasasagutin natin ay ang kanilang PASUGO na napalathala noong Agosto-Setyembre 1964, p. 5:
"Kailan napatala sa Pamahalaan o narehistro ang INK sa Pilipinas? Noong Hulyo 27, 1914. Tunay nga na sinasabi sa rehistro na si Kapatid na F. Manalo ang nagtatag ng INK".

Maliwanag kung gayon na si G. Felix Manalo ang nagtatag at hindi ang Dios at si Cristo.

2 — T: Sino ang may-ari ng Iglesyang itinatag ni Ginoong Felix Manalo?

S: Ang sagot ng PASUGO Mayo 1952, p. 4 ay ganito:
"Kung ang babalingan, ng pag-uusap ay ang nagtatag, dapat na siya ang may-ari ng itinatag, at sa kanya rin manggagaling ang mga aral at turo na ipinatutupad".

Lalong lumilinaw na si Felix Manalo ang nagtatag at may-ari nitong tinagurian nilang INK na nairehistro sa Pilipinas noong Hulyo 27, 1914 at **hindi sa Dios at kay Cristo kundi nagpapanggap lamang,**

baka sakali'y makalusot!

3 — T: Mayroon bang karapatan na magtayo ng Iglesya ang isang tao, na katulad ni Felix Manalong tao?

S: Ang PASUGO rin nila ang sasagot, na napalathala noong Nobyembre 1940, p.. 23:
"Iisa lamang ang tanging makapagtatayo ng Iglesyang magiging dapat sa Dios. Kung sino? Ang ating Panginoong Jesu-Cristo lamang! Sinumang tao — maging marunong o mangmang — ay walang karapatang magtayo…"

O, papaano ngayon ito mga kababayan, si Felix Manalo ba'y tao o hindi? O siya si Cristo? Maaari po bang sagutin at ipaliwanag ninyo ang bagay na ito?

4 — T: Ilan ba ang Iglesyang itinayo ni Cristo, at saang dako ng daigdig niya itinayo?

S: Sinasagot din ito ng kanilang PASUGO Mayo 1968, p. 7:
"Ang tunay na Iglesya ni Cristo ay iisa lamang, Ito ang Iglesyang itinayo ni Cristo. Kung mayroon mang nagsisibangon ngayong mga Iglesya at sasabihing sila man ay INK rin ang mga ito ay hindi tunay kundi huwad lamang".

Maliwanag sa sikat ng araw na walang pakialam ang Dios at si Cristo sa Iglesyang iyan na tinagurian nila ng Iglesya ni Cristo at sumulpot noong 1914.

At ang isang bagay na kamangmangan na pinupuna sa atin kung bakit daw na hindi natin tanggapin at kilalaning sa Dios at kay Cristo ang Iglesyang iyan samantalang tinatanggap daw natin na sa Dios at kay Cristo yaong Iglesyang itinayo noong unang siglo sa Jerusalem. Ang sinasabi nilang ito'y isang kamangmangan sapagkat batid naman nila na mayroon na tayong tinanggap na Iglesya at ibig yata nila na dalawa ang aaniban natin: isa ang tunay at isa ang huwad.

5 — T: At anu-ano pa ang kanilang pinagbabatayan upang palitawing sa Dios at kay Cristo ang kinaroroonan nilang Iglesya?

S: *May tatlong bagay pa gaya nitong mga sumusunod:*

a. Si Felix Manalo raw ay sinugo ng Dios upang itatag ang Iglesya sa Pilipinas.
b. Ang mga lokales na Iglesya lamang daw ang kanyang itinatag
c. Ang INK raw noong unang siglo, natalikod; nalipol at inagaw ng mga bulaang propeta ang mga dating alagad ni Cristo kaya walang natira na tagasunod.

Ang tatlong puntong ito ay isa-isahin nating liwanagin sa pamamagitan ng mga tanong at sagot at ang mga tanong lamang ang manggagaling sa atin at ang mga sagot naman ay sa kanilang PASUGO manggagaling.

1 — T: Ano ang patakaran nina Felix Manalo at panukat upang makilala ang tunay at hindi tunay na Sinugo ng Dios?

S: Ang sagot ng PASUGO ay narito:

a. PASUGO Nobyembre 1960, p. 26:
"Kaya't papaano makikilala ang sugo ng Dios at ang hindi sugo ng Dios: Sa aral makikilala ayon kay Jesus. Ang aral ng sugo ng Dios ay mula sa Dios, ang mga aral ng hindi sugo ng Dios, ay mula lamang sa kanyang sarili" (Juan 7:16-18).

b. PASUGO Nobyembre 1959, p. 20:
"Kaninong aral ang itinuturo ng Iglesya ni Cristo? Aral ng Dios, ni Cristo at ng mga Apostol na nasusulat sa Banal na Kasulatan. Walang aral si Kapatid na Felix Manalo na kinatha mula sa kaniyang sarili."

Dito tayo ngayon sumakay sa sinasabi nilang patakaran o panukat sa tunay at hindi tunay na sinugo ng Dios, upang wala na silang maidadahilan at ano pa mang pagtatalo. At wala tayong ibang gagawin kundi sisipiin lamang natin ang kanilang mga aral na nasusulat sa PASUGO at pagkatapos ay pagtitimbatimbangin natin sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan, gaya nitong mga sumusunod:

1. PASUGO Mayo 1961, p. 4, ay ganito ang isang bahagi na nasusulat: "At sino nga ba ang gumagawa ng mga leksiyong itinuturo ng mga ministro, maging sa mga pagsamba, mga doktrina o mga Propaganda? Ang Kapatid na Felix Manalo".

2. PASUGO Mayo 1963, p. 27:

"Kaya't sa katuparan ng hula, ang lahat ng mga itinuturo ng mga Ministro ng INK sa mga pagsamba, sa mga doktrina, sa mga pamamahayag sa gitna ng bayan, ay si Kapaatid na F. Manalo lamang ang bumabalangkas at nagtuturo sa kanila".

Dito pa lamang sa dalawang artikulong ito na ating hinango sa kanilang PASUGO ay mapapansin na natin, na, hindi nagmula sa Dios ang kanilang mga aral na itinataguyod, kundi nagmula lamang kay G. Felix Manalo. Gayon pa man ay ipagpatuloy natin ang pagsipi sa mga dahon ng kanilang PASUGO, ng mga aral na hindi nagmula sa Dios kundi nagmula lamang sa sarili ng yumaong Felix Manalo. At itong PASUGO na napalathala noong taong Nobyembre 1954, p. 2, 1, ay ganito ang pahayag:

"Hindi kailangang patunayan pa kung hindi tunay na Iglesya, kung ito'y kay Cristo o hindi. Ang pag-uusig na nagaganap sa INK, na siyang katuparan ng pinagpauna ng Panginoon ay siyang malinaw na katunayan na ang INK ay tunay na Iglesya at kay Cristo. Anu-ano ang mga kinathang kasinungalingan na ipinaparat ang kay Jesus na nakasisirang puri! Hindi lamang nila sinasabing siya'y may demonyo, kundi pinaparatangang sya'y nauulol (Juan 15,20). Kung siya'y inusig tayo man ay uusigin din.

Ang pag-uusig sa Ulo ay tagos hanggang sa katawan. Siya ang ulo, tayo ang mga sangkap, na siyang Iglesya".

Totoo nga kaya na sila ay inuusig at pinararatangang sa demonyo, na katulad sa naganap kay Cristo! Na siyang katuparan sa nasusulat sa Juan 15:20, at Juan 8:40?

Hindi iyon totoo, kundi sila pa nga, ang nagpaparatang na ang lahat maliban sa kanila, ay pawang mga demonyo o sa kay Satanas! At bilang katunayan ay ating sisipiin ang mga nasusulat sa kanilang PASUGO na malalaswang salita.

1. *PASUGO Disyembre 1965, p. 5:*
   "Kaninong Ministro kung gayon ang mga Paring Katoliko? Mga Ministro ni Satanas na Diablo".

2. *PASUGO Oktubre 1959, p. 5:*
   "Mga magdaraya at anti-Cristo, ang mga nagtuturong si Cristo ay Dios."

3. *PASUGO Agosto 1962, p. 9:*
"Kaya ang tunay na anti-Cristo, ang mga Papa ng Iglesya Katolika Apostotika Romana . At ang tunay na ampon ng anti-Cristo ay ang mga Katoliko."

4. *PASUGO Oktubre 1956, p. 1:*
"Ang Iglesya ni Cristo ay nagdaos ng pamamahayag sa Lunsod ng Davao. Nagsalita roon si Kapatid na Felix Manalo at ang kasama niyang mga Ministro. Ipinahayag doon ng mga nagsalita na ang Iglesya Katolika Romana ay hindi itinatag ni Cristo kundi itinatag ng Diablo."

TANONG: O sino ngayon ang lumilitaw na nang-uusig at nagpaparatang, kami ba, o sina Felix Manalo at ang kanilang mga kaanib? Kung sino pa man ang nagpaparatangay inaangkin na siyang pinararatangan. At kung ang panukat sa tunay na Iglesya ay sa inuusig at pinararatangang sa demonyo, ay lalong tumitingkad ang pagiging dalisay na Iglesyang sa Dios at kay Cristo ang Iglesya Katolika. May reklamo ba kayo?

At ang isa pa na kalunus-lunos na pagyurak o pagmamaliit sa ating Panginoong Jesu-Cristo ay itong sinabi nilang ang Iglesya Katolika raw ay hindi itinatag ni Cristo kundi ng Diablo. Bakit sinasabi nating pagmamaliit ito kay Cristo? Sapagkat batid nila na ang Iglesya Katolika ay Iglesya ni Cristo, ayon sa PASUGO Abril 1966, p., 46, na ganito ang banggit: "Ang Iglesya Katolika na sa pasimula ay siyang Iglesya ni Cristo" Tanggapin natin na nang pasimula lamang naging IgIesya ni Cristo! Ano ngayon ang kalagayan ni Cristo sa naturang Iglesyang iyan? Ang lagay ba'y noon ay naitatag na ni Diablo ang Iglesya Katolika; nakiusap ba si Cristo kay Diablo upang mapasakanya? o inagaw ni Cristo kay Diablo ang Iglesyang iyan!

O sino ngayon ang maniniwala na sinugo ng Dios si Kapatid ninyong F. Manalo upang itatag ang Iglesya sa Pilipinas?

NGAYON NAMAN AY DUMAKO TAYO SA IKALAWA, ANG NAUUKOL SA LOKALES NG INK

TANONG: Nasa Jerusalem ba ang central ng mga lokales na itinatag ni G. Felix Manalo?

SAGOT: Tanging PASUGO ang ating pasasagutin upang walang gaanong usapan.

a. PASUGO Oktubre 1968, nasa huling panakip, at ganito ang mababasa natin: "Dapat malaman ng lahat — Dahil dito, ipinahahayag na mula ngayon ang mga nakalagda sa kasulatang ito bilang pasimulang kaanib sa lokal ng San Francisco, Estados Unidos ng Amerika, ay iniuugnay at ngayon ay nasasakop ng Pamahalaang Pangkalahatan ng Iglesya ni Cristo na may Tanggapang Pangkalahatan sa 154, F. Manalo St., San Juan, Rizal, Republika ng Pilipinas."

b. PASUGO Hulyo 1971, P. 2:
"A permanent Central Office after 57 years establishment of the Church of Christ in the Philippines. This stands on a sprawling lot in Quezon City, at the corner of Central Avenue and Commonwealth Avenue."

NOTA: Pansinin natin dito kung saan masusumpungan ang Central na nakakasakop sa isang Lokal ng INK na nasa Amerika (USA). Narito pala sa Pilipinas ang Central nila ano po! Matuwid bang tatawagin pa ring "Lokal" ang nakakasakop sa isang "Lokal"?

Kaunting pagbubulay-bulay o sentido comun, mga kababayan namin! Mabuti yata'y *magpasuri kayo sa mga doktor na dalubhasa sa utak, habang may panahon pa. Ano po!*

NGAYON NAMAN AY DADAKO TAYO SA IKATLONG PUNTO: ANG NAUUKOL SA PAGKALIPOL NG INK, AT ANG KANILA RING PASUGO ANG ATING GAGAMITIN SA PUNTONG ITO.

1. *PASUGO Mayo 1961, p. 21:*
"Maliwanag sa pag-aaral nating ginawa sa unahan nito na ang Iglesyang itinayo ni Cristo noong unang siglo ay natalikod o ganap na nawala sa ibabaw ng lupa. Inagaw nila sa pagsunod sa hulihan ni Cristo."

2. *PASUGO Hulyo 1954, p. 4:*
"Ang mga alagad ni Jesus na dating sumusunod sa hulihan niya ay inihiwalay ninyo sa pagsunod sa Kanya, at pinasunod ninyo sa inyong hulihan. Kaya nawalan ng tao ang Iglesya. Ang natira sa

Iglesya'y si Jesus at ang mga salita ng Dios."

3. *PASUGO Enero 1964, p. 2:*
   "Sa isang paksang mababasa sa nakaraang labas nitong Pasugo (Disyembre) ay ipinaliwanag kung saan naroon ang Iglesyang itinayo ni Cristo noong unang siglo sa Jerusalem. Ito ay natalikod. Nalipol na lahat."

Itong mga sinasabi nilang ito ay maraming nailigaw sa landas ng Kabanalan. Dahil dito ay inilalahad ko ang mga katibayang magpapawalang saysay sa sinasabi nilang ito at nasusulat din sa kanilang Pasugo gaya nitong mga sumusunod:

a. PASUGO Mayo 1968, P. 5;
   "Ano ang katangian ng maging Tupa ni Cristo? Sa Juan 10, 28 ay ganito ang sabi: 'At sila'y binibigyan ko ng walang hanggang buhay, at kailanma'y hindi sila malilipol, at hindi aagawin ng sinuman sa aking kamay'. Isang dakilang kapalaran ang maging Tupa o Tauhan ni Cristo sapagkat sila'y binibigyan niya ng walang hanggang buhay at hindi sila malilipol kailan man."

   Idaragdag natin dito ang talata 29, bilang susog sa talatang 28 na ginamit nila, at ganito ang karugtong: "Ang aking Ama (Wika ni Jesus), na sa kanila ay nagbigay sa akin ay lalong dakila kaysa lahat; at hindi sila maaagaw ninuman sa kamay ng Ama."

   Ito bang nasusulat na ito sa kanilang PASUGO ay mabubura pa nila? Gayon din itong garantiyang sinabi ni Jesus hinggil mga magiging tauhan niya? At higit pa bang paniniwalaan natin itong mga maling aral!

   At bilang kalakip nito ay sisikapin pa natin ang isang banggit na nasusulat sa PASUGO Hunyo 1940, p. 27:
   "Papaano ang pag-aalaga at pag-iingat sa pananampalataya? Wala tayong dapat gawin kundi manatili sa mga aral ng Dios na ating napag-aralan. Ito ang ginawa ng unang Iglesya. Sila'y nananatiling matibay sa aral ng mga Apostol. Ganito rin ang dapat nating gawin."
   O ano pa ang ating puntong liliwanagin? Tinatanggap pa nilang nananatiling matibay sa aral ng Dios at ng mga Apostol ang unang Iglesya ni Cristo. At pagkatapos ay iyan daw ang kanilang

pamarisan o dapat gawin. E, gayon pala; bakit sinasabi nilang "ganap na nawala sa ibabaw ng lupa ang mga dating tagasunod ni Jesus, inagaw at nilipol ng mga bulaang propeta". Huwag ninyong gawing sinungaling si Jesus. Malinaw ang kanyang sinasabing garantiya na mababasa sa Juan 10: 28-29, at inyong ginamit din.

At bago tayo magwakas ay kumuha pa tayo ng isang punto na may kaugnayan din dito.

b. PASUGO Agosto 1971, p. 22:
"Tinitindigan namin na ang Iglesyang itinatag ni Cristo at talagang iisa lamang. Nang magkaroon ng INK sa Pilipinas ay wala na ang Iglesya ni Cristo sa Jerusalem."

Ang ibig sabihin nilang palitawin dito, ay noong 1941, ay wala na ang itinayo ni Cristo. Bueno, tingnan nating ang bagay na ito, sapagkat may isang banggit na nasusulat sa PASUGO, Abril 1966, p. 46: "Ang totoo hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na ginagawa ni Satanas ang pagpapapasok ng mga maling aral sa Iglesya Katolika na sa pasimula'y siyang Iglesya ni Cristo. Sadyang matalino at tuso ang diablo. Hindi niya ginawang biglaan ang pagtalikod sa Iglesyang itinayo ni Cristo noon unang siglo."

NOTA: Dapat pansinin natin ang katugon na petsa nitong banggit na "kasalukuyan".
Ang petsa nito ay noong Abril 1966, sapagkat noon nga napalathala ang sinasabi nilang ito. Kung gayon, maliwanag na hindi pa nawala ang Iglesyang itinayo ni Cristo sa Jerusalem noong unang siglo. Bakit? Sapagkat pinapasukan pa rin ni Satanas ng kanyang mga maling aral. Malinaw po ba?

Ang lahat ng mga bagay na ito mga kababayan naming kaanib sa Iglesyang tatag ni Felix Manalo ay pinakikiusapang ipaliwanag at sagutin sana ninyo sa lalong madaling panahon. At kung hindi ninyo kayang sagutin sapagkat tinitiyak kong malalagay kayo sa kahihiyan, ay itigil sana ninyo ang gawaing tungo sa kapahamakan.

Ganito naman ang sinasabi ni Propeta Isaias tungkol sa mga Manunulat katulad nitong tagasulat ng Pahayagang PASUGO. Isaias 10: 1-2, ay ganito ang sinasabi: "Sa aba nila na nagpasya ng mga likong pasya, at ng mga manunulat na sumusulat ng mga kasuwailan.

Upang iligaw sa kahatulan ang mapagkailangan, at upang alisin ang katuwiran ng mga dukha ng aking bayan, upang ang mga babaing balo ay maging kanilang samsam, at upang kanilang gawing kanilang huli ang mga ulila". (Batu-bato sa langit ang tatamaan ay magalit)

KABUUAN NG PAKSANG TINALAKAY:

1. Si Cristo ang tanging makapagtatayo ng Iglesyang magiging dapat sa Dios, at sinumang tao maging marunong o mangmang ay walang karapatang magtayo ng Iglesya.
   Si Felix Manalo ay tao, kung gayon walang karapatang magtayo ng Iglesya.

2. Ang mga aral ng sugo ng Dios ay mula sa Dios. *Ang aral ng Iglesya ni Cristo na lumitaw sa Pilipinas noong 1914, ay mula lamang sa sarili ni G. Felix Manalo.*

3. Nang magipit sa mga unang paninindigan, ay lumukso sa pag-uusig, na kaya raw tunay ang Iglesya ni Cristong kinaroroonan nila ay sapagkat sila raw ay inuusig at pinararatangang demonyo. Datapuwa't hindi rin nakaiwas sa pag-ilag, sapagkat pinatunayan ng kanilang Magasing PASUGO, na ang nang-uusig, na ang lahat maliban sa kanila ay pawang sa demonyo o kay Satanas at ang Papa raw ng Iglesya Katolika ang siyang tunay daw na anti-Cristo.

4. At ang kahuhi-hulihang nilundagan ay ang pagtalikod o pagkawala raw sa mundo ng Iglesyang itinayo ni Cristo sa Jerusalem noong unang siglo at nais pa nilang palitawin na ang mga lokales lamang ng Iglesya ang itinatag ni Manalo. Ngunit lalo siyang naipit sapagkat wala silang kamalay-malay na naisulat sa Magasing PASUGO ang mga tanikalang panakal sa kanilang mga leeg.

ANG MGA HIDUWANG ARAL NA ITINURO NG YUMAONG FELIX MANALO:
(Ang Mga Ministro Na Pinaglalaban-laban Ng kanilang Anghel F. Manalo)

1 — PASUGO Hulyo 1953, p. 15, (sinulat ni Joaquin Balmores):
"Kami raw na mga Iglesya ni Cristo ay nagtatanging mga tao. Sinasarili raw namin ang kaligtasan. Iyon ay hindi totoo, at kung may nagsasabi niyan sa amin sa kasalukuyan, iyan ay bunga ng malaking kadiliman na naghahari sa kanilang buong pagkatao."
2 — PASUGO Agosto 1966, p. 13, (sinulat ni Tomas C. Catangay)

"Totoo na kailangan ng tao ang pananampalataya upang maligtas, ngunit kung siya'y hindi Iglesya ni Cristo, tiyak na hindi siya maliligtas."

3 — PASUGO Hunyo 1967, p. 16 (sinulat din ni T. C. Catangay) :
"Ang may karapatan na tumawag sa Dios, humingi at bigyan, tanging tayo lamang na mga Iglesya ni Cristo."

4 — PASUGO Pebrero 1966, p. 18 (sinulat ni Benjamin Santiago):
"Sa panahong ito'y ang Iglesya ni Cristo lamang ang may karapatang gumamit ng pangalan ni Cristo. Maliban sa Iglesya ni Cristo na lumitaw sa Pilipinas noong 1914, ay walang may karapatang gumamit sa mahalagang pangalang ito."

Ang nakita natin dito ay dalawa laban sa isa, sapagkat si G. Balmores ay naninindigan sa hindi pagsasarili ng kaligtasan at pagtatangi ng tao.

At itong dalawa naman, na sina B. Santiago at T. C. Catangay, ay naninindigan sa pagsasarili ng kaligtasan at pagtatangi ng tao. Dahil dito, ang tanong natin ay ganito:

> Alin kaya ang sinasang-ayunan ng Banal na Kasulatan; itong nag-iisa kaya o itong dalawa? Sisipiin natin ang nasa Gawa 10:34-35 at ganito ang nasusulat: "At binuka ni Pedro ang kanyang bibig at sinabi: 'Tunay ngang natatalastas ko na hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao; kundi sa bawat bansa siya na may takot sa kanya, at gumagawa, ay kalugud-lugod sa kanya".

Kung gayon, mayroong apostol na kasama si G. Joaquin Balmores. Baka ito ang dahilan na itiniwalag ni G. Felix Manalo noong 1937, sapagkat kumakampi sa aral ng mga apostol. (Palibot liham na may lagda ni G. Felix Manalo, Junyo 3, 1937, na itiwalag sa Iglesya si Joaquin Balmores)

ANG PALAGAY NG INK UKOL SA PASKO

1 — PASUGO Disyembre 1956, P. 34, (sinulat ni Benjamin T. Villalba):
"It strikes people as odd that members of the Church of Christ (Iglesya ni Cristo) do not celebrate Christmas. (ang INK ay tuwirang hindi nagdiriwang ng Pasko ng kapanganakan ni Cristo).

2 — PASUGO Disyembre 1957, p. 28, (sinulat ni Emeliano I. Agustin):
(Patula) "Ang diwa ng Pasko ay kapayapaan; Nang mundong naglunoy

sa lusak ng Buhay; Mabuting balita sa kinalulugdan; Pagsilang ni Jesus sa abang sabsaban."

Napakagulo talaga ang mga Ministrong ito nainaralan ng Anghel Felix Manalo. Isang taon lamang ang pagitan, ay binago na naman ang kanyang paninindigan tungkol sa Pasko. Kahabag-habag ang anghel nilang ipinaglalaban nila ng pukpukan.

KABUUAN NG PAKSA:

1. Ayon sa Magasing PASUGO, si Ginoong F. Manalo ay nangaral na hindi siya nagtatanging mga tao at hindi sinasarili ang kaligtasan. Ang kanyang turong aral na ito, ay siya rin ang nagpapawalang saysay, sapagkat pinatunayan din ng PASUGO na sinasarili niya ang kaligtasan.

2. Ipinangaral ni G. Felix Manalo na ipinagdiriwang ang Paskong kapanganakan ni Cristo, at ipinangaral din na hindi ipinagdiriwang, sapagkat aral daw ng mga Pagano ang pagdiriwang ng Pasko. (Sa gayon ay salusalungatan ang aral na itinuro)

3. Ipinangaral din na hindi masamang ipagdiwang ang kapanganakan ninumang tao huwag lamang iuukol sa pagsamba sa Dios. Ngunit ang kanyang kaarawan ay iniuukol sa pagsamba sa Dios at pati ang kaarawan ng kapanganakan ni Erdy Manalo.

ANG SALU-SALUNGATANG PAGSIPOT SA MUNDO NG IGLESYA KATOLIKA NA NASUSULAT SA MAGASING PASUGO.

1 — PASUGO Nobyembre 1956, p. 18 sinulat ni Emiliano Magtuto)
'Tiyak na walang bisa ang pagtuturo ng Relihiyong Katolika sa paaralang bayan. Ilang libong taon nang nakatatag ang Relihiyong ito sa mundo? Kulang pa ang libu-libong taon na nakatatag ito sa mundo..." (libu-libong taon — 2000)

2 — PASUGO Pebrero 1959, p. 1 (sinulat ni Ben Santiago):
"Mahigit nang isang libo at limangdaang taon ang Iglesya Katolika sa mundo. Maglilimangdaang taon naman ang mga Protestante. Ang Iglesya ni Cristo ay mag-aapatnapu't limang taon lamang mula noong 1914." (Ika-limang siglo ng Iglesya Katolika)

3 — PASUGO Mayo 1952, p. 5, (sulat ni Ben Santiago):

"Mula sa taong 527 hanggang 565 sa panahon ng Emperador Justiniano naging ganap ang pagkatatag ng Iglesyang ito na sumipot sa Pulong ng Nicea." (Ika-anim na siglo)

4 — PASUGO Agosto 1962, p. 3 (sinulat mi Ben Santiago):
"Sino ang nagtayo ng Iglesya Katolika Apostolika Romana? Ang Konsilyo Batikano! Kailan? Noong 1870." (Ika-labingsiyam na siglo)

5 — PASUGO Marso 1956, p. 25, (sinulat ni Teofilo Ramos):
"Ang Iglesya Katolika'y pinabrika lamang ng mga Obispo noong 1870 sa Batikano" Balmores):

6 — PASUGO Pebrero 1952, p. 9, (sinulat ni Joaquin Balmores)
"Hindi mapapasinungalingan ninuman na talagang ang Iglesya Katolika ang lumilitaw sa loob ng Emperyo Romano noong ika,-apat na siglo".

PANSININ: Ang mga ito ang Ministrong inaralan at inatasang magpahayag ng pagkatatag ng Iglesya Katolika Apostolika Romana:

1. *Si Emiliano Magtuto —*
   PASUGO Nob. 1956 p. 18: — 44 B.C. (2000)
2. *Si Benjamin Santiago —*
   PASUGO Peb. 1959 p. 1: — 400 A.D. mahigit
3. *Si Benjamin, Santiago —*
   PASUGO Agosto 1962, p. 3: — 1870 A.D.
4. *Si Teofilo C. Ramos —*
   PASUGO Marso 1956, p. 25: 1870 A.D.
5. *Si Joaquin Balmoes —*
   PASUGO Peb. 1952, p. 9: — 400 A.D.

Iyan ang mga petsang salu-salungatan na napag-aralan ni G. Felix Manalo na pagkatatag ng Iglesya Katolika at inilathala naman ng mga nabanggit na Ministro niya.

Dahil dito ay lalong lumiliwanag na hindi sa Dios sa kay Cristo ang itinayong Iglesya ni Felix Manalo alinsunod pa rin sa nasusulat sa Magasing PASUGO Agosto 1951, p. 18 na ganito ang mababasa natin: "Totoo rin na kung ang isang Iglesya ay iba-iba ang iniaaral sa iba't ibang panahon, ay tunay na Iglesya ni Cristo."

Tumpak at marahil sa mukha nila bumalandra ang sinasabi nilang ito.

PAKSA: ANG MGA KARAPATAN NI JESU-CRISTO NA INAANGKIN NI G. FELIX MANALO AT NG IGLESYA NI CRISTO NA LUMITAW SA PILIPINAS NOONG 1914

PASUGO Enero 1941, p. 12:
"Hindi inaangkin ng Iglesya ni Cristo ang karapatan ni Cristo at ng mga Apostol o ng ninuman. Siya'y may sariling karapatang galing sa Dios at kaloob ng Dios.

Siya'y inihalal ng Dios at hindi siya ang naghalal sa kanyang sarili. Sa Apoc. 7:2 ay sinasabing isang anghel ang may taglay ng tatak ng Dios na Buhay."

Ang sinasabi nilang ito, ay tiyak na kasinungalingan sapagkat napakaraming inaangkin ni G. Felix Manalo na hindi nauukol sa kanya kundi nauukol kay Cristo. At bilang katunayan, ay narito at patutunayan natin sa pamamagitan ng PASUGO.

1 — PASUGO Mayo 1961, p. 22:
"Papaano magiging kawan o Iglesya ni Cristo itong mga tupa ni Jesus na magmumula sa Pilipinas, hindi naman naparito si Cristo noong 1914? Ang sabi ni Jesus, Juan 10:16, "magkakaroon sila ng isang Pastor". Sino itong isang Pastor ng Iglesya na lilitaw sa Pilipinas? Ang pinagsabihan ng Dios: "Huwag kang matakot, sapagkat ako'y sumasaiyo" (Isaias 43:5).
Sino itong pastor ng Iglesyang lilitiw sa Pilipinas? Ito ang huling tinawag o sugo na kasama ng Dios. Ito ang kapatid na Felix Manalo. Noong sabihin ni Cristo na siya'y mayroon pang ibang mga tupa na wala sa kulungan at silay gagawing isang kawan at magkakaroon ng isang pastor, noon pa'y mayroon na siyang karapatan."

Ngayon ay ganito ang tanong:

Ang Pastor na ito na nabanggit sa Juan 10:16, totoo kaya na si G. Felix Manalo, at sa pinamagatang SULO sa pahina 58, ay ganito ang mababasa natin:

"Itinuro din ng Iglesya Katolika na ang Papa ang siyang "Kataas-taasang Pastor". (Question Box 169). Ito ay salungat din sa turo ni Jesus at ng mga Apostol, sapagkat sinabi ni Cristo: "Ako ang tanging Pastor" (Juan 10:16)

O papaano ngayon ito? Kailangan pa ba naman na kami ay gumamit ng pangsarili naming pagpapatunay? Samantalang kayo rin ang mismong

nagsasabing si Cristo ang tinutukoy na Pastor na nasa Juan 10:16? Paano ninyo sasabihin ngayong Walang inaangkin ang Iglesya ni Cristo na karapatan ni Cristo! Sumagot nga kayo.

Bueno, iwanan natin ang puntong ito at kumuha pa rin tayo ng ibang karapatan ni Cristo na kanilang inaangkin, gaya nitong sumunod:

PASUGO Disyembre 1956, p. 17, (patula):
"ANG KAPAKANAN NG SINUGO. At sa huling kaarawang nalalapit na ngang ganap; Ang dakilang paghuhukom ng Dios sa taong lahat; Sa pag-ibig ni Bathalang ang tao ay maligtas; Sa hula ay pinabangon ang Sugo sa Pilipinas; Siya ay si Kapatid Felix Manalo ang tatawag; Si Elias na paparito bago dumating ang wakas."

Ang liwanagin natin dito, ay yaong sinasabi nilang si Manalo ang siyang pag-ibig ng Dios na pinabangon o sinugo upang ang tao'y maligtas. At ang sinasabi nilang ito ay hindi sinasang-ayunan ng Banal na Kasulatan, at narito ang katunayan:

1. Juan 4:9, 16: "Dito nahayag ang pag-ibig ng Dios sa atin, sapagkat sinugo ng Dios ang kanyang bugtong na Anak sa sanlibutan upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan niya, at ating makilala at sampalatayanan "ang pag-ibig ng Dios sa atin..."

2. Gawa 4 :12: "At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan; sapagkat walang ibang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao na sukat nating ikaligtas".

   Sa mga talatang ito ay napakaliwanag na sinasabing si Cristo ang sinugo ng Dios sa ikaliligtas. O paano ngayon ito, mayroon bang inaangkin ang Iglesya ni Cristo na karapatan ni Cristo? Sagutin ninyo ito mga kababayan namin!

   Kumuha pa rin tayo ng isa sa karapatang inangkin nila na nauukol lamang kay Cristo.

   PASUGO Hunyo 1967, p. 11 (patula):
   "Alaala natin ngayon ang kanyang kaarawan; Isang sanggol na lalaki sa atin ay ibinigay; Ang araw ay ika-sampu ang buwan ay Mayo naman; Nang kumita ng liwanag ang sinugong ating mahal; Sa dahon ng kasaysayan ay hindi na mapipigtal; Ang kanyang kasaysayang punung-puno ng tagumpay."

Sino ang isang sanggol o batang lalaki na ibinigay sa atin? Si Jesus ayon sa Isaias 9:6 at ganito ang pahayag: "Sapagkat sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang Anak na lalaki; at ang pamamahala ay maaatang sa kanyang balikat; at ang kanyang pangalan ay tatawaging kamangha-mangha. Tagapayo, Makapangyarihang Dios at walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan."

Ayon pa rin sa Lucas 2:11-16, ay sinasabing si Jesus ang siyang sanggol na ipinanganak sa isang sabsaban. At walang mababasa sa Bibliya, na, ikalawang sanggol o batang lalaki na ibinigay sa mundo. Kung gayon ay inaangkin na naman nina G. Manalo ang pagkasanggol ni Jesu-Cristo.

KABUUAN:

1. Limang panahon o nagkakaibang petsa ng pagkakatatag ng Iglesya Katolika ang ipinangaral ni G. Felix Manalo sa mga kaanib ng Iglesyang kanyang itinatag.

2. Ipinangaral ni Felix Manalo, na hindi siya nag-aangkin o hindi niya inaangkin ang karapatan ni Cristo sapagkat mayroon daw sariling karapatan na ibinigay ng Dios sa kanya. Datapwat pinatutunayan ng kanilang PASUGO na inaangkin niya ang karapatan ni Cristo gaya nitong mga sumusunod:

a. Pastor na nasusulat sa Juan 10:16
b. Pag-ibig ng Dios sa mga tao sa ikaliligtas 1 Juan 4,9,6; Gawa 4:12
c. Isang sanggol na ibinigay sa atin Isaias 9:6; Lucas 2:11-16

PAKSA: PAGKAKAPAREHO NG DIWA SA PAMAMARAAN NG TUNGKULING TINANGGAP SA DIOS (DAW) NI JESU CRISTO AT NI G. FELIX MANALO.

PASUGO Hulyo 1965, p. 12:
"Parehong-pareho ang espiritu ni Cristo sa diwa ni Kapatid na Felix Manalo sa pamamaraan ng pagdadala ng tungkuling tinanggap sa Dios."

TANONG: Sinasang-ayunan kaya ito ng Banal na Kasulatan? Hindi po sapagkat ang ginawang pamamaraan ni Cristo bilang diwa ng kanyang tungkulin ay ang mababasa sa Hebreo 9:14 na ganito: "Gaano pa kaya ang dugo ni Cristo, na sa pamamagitan ng Espiritu na walang hanggan ay inihandog ang kanyang sarili na

walang dungis as Dios..."

Naganap din ba ito kay Felix Manalo upang masasabi natin na sila'y magkapareho? Hindi po, sapagkat ang nababasa sa PASUGO Mayo 1964, P. 1 ay ganito:

"Inihandog ng Dios ang kanyang sarili sa kanyag huling sugo upang dumiyos, sa kanya. Samakatuwid, ang tanging may Dios na huling araw na ito'y ang huling sugo — si Kapatid na Felix Manalo."

NOTA: Patiwarik pala o kabaliktaran, sa halip na umano'y magkapareho sila, ay nakakataas pa si Manalo kay Cristo. Bakit? Sapagkat Si Cristo'y inihahandog ang kanyang dugo at sarili sa Dios, subalit si Felix Manalo nama'y siya ang pinaghandugan ng Dios ng kanyang sarili (daw).

Dahil dito'y pikit matang pinaniniwalaan ng kanyang mga kaanib na siya ay sinugo ng Dios upang itatag ang Iglesya sa Pilipinas.

At ang isang punto na ibig kong linawin sa bagay na ito ay yaong sinasabi nilang "Si Felix Manalo lamang ang tanging may Dios".

Ang paniniwala nilang ito ay laban sa Banal na Kasulatan ayon sa talatang sumusunod:

Juan 20:17; "Sinabi sa kanya ni Jesus, huwag mo akong hipuin, sapagkat hindi pa ako nakaakyat sa Ama, ngunit pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila; Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, at aking Dios at inyong Dios"

Kung si Cristo'y hindi niya inaaring sariling Ama at Dios ang Dios, gasino pa kaya itong Felix Manalong ito? At ang mga tagasunod naman niya'y pikit matang sunud-sunuran na kung sa ating kapanahunan ngayon ay "Mga Tupa nina Manalo" kung tatawagin. Kaunting pagbubulay-bulay o sentido comun naman mga kababayan!

PAKSA: ANG KARUNUNGAN NI FELIX MANALO

PASUGO Hunyo 1962, p. 35:

"Ang mga sugo ay kusang pinagkalooban ng Dios na makaunawa ng mga salita ng Dios. Ang mga hindi sugo ay kusang pinagkaitan naman na makaunawa ng mga salita ng Dios."

PASUGO Enero 1953, p. 10:
"Ito'y natupad sa ating Panginoong Jesu-Cristo. Siya'y marunong bagama't hindi nag-aral kailanman. At ang kanyang dunong ay humihiya sa mga kumakaaway sa kanya. Natupad din ito kay kapatid na Felix Manalo. Siya'y walang katangian ayon sa laman. Natupad gaya ng dunong, kayamanan, o kaya'y kapangyarihan. Hindi siya nag-aral sa paaralan ng tao. Ngunit kung si Kapatid na Manalo man ay mangmang sa karunungan ng sanlibutan, gayunman ay marunong siya ng mga salita ng Dios."

Ang mga sinasabi nilang ito ay pawang kayabangan at kasinungalingan. At dito natin sila ngayon puputulan ng dila upang huwag magpalalo sa pagmamayabang, sapagkat nasusulat sa kanilang PASUGO Hulyo 27, 1964 p. 180, 182; (Ika-50 Anibersaryo) na si Felix Manalo'y nag-aral sa paaralan ng tao gaya nitong mga sumusunod:

pahina 180: Noong 1904, ay nag-aral si Felix Manalo sa paaralan ng Methodist Theological Seminary. (Hindi pa naitatag ang kanyang Iglesya)

pahina 182: Sinasabing nagpunta si Manalo sa America noong 1919, at nag-aral sa Pacific School of Religion sa California, USA.

Dahil diyan ay maliwanag na kasinungalingan at kay abangang sabihing hindi nag-aral sa paaralan ng tao si G. Felix Manalo. At gamundong pagmamapuri kay Manalo na kusang pinagkalooban ng Dios ng mga karunungan sapagkat sinugo siya ng Dios. Ang lahat ng mga sinasabi nilang ito ay isang nagdudumilat na katotohanan, na hindi sugo ng Dios si Felix Manalo; kundi ang ipinangangalat ay maling aral, at pikit mata namang sinusunod ng kanilang mga manunulat sa PASUGO o ng mga kaanib na Iglesyang itinayo niya at pag-aari: O papaano ito mga kababayan ? Sumagot na kayo.

PAKSA: TUNGKOL SA MGA KALULUWA NG NAMATAY

1. Sa aklat nilang pinamagatang: "ISANG PAGBUBUNYAG SA IGLESYA NI CRISTO" p. 110, ay ganito ang isang bahagi na mababasa natin:
   "Kaya kapag ang tao'y namatay kasamang namamatay ang kanyang

kaluluwa. Kung ang namatay ay inilibing, saan kaya naroroon ang kaluluwa? Ang kaluluwa ay dumidikit sa alabok."

2 *PASUGO Disyembre 1966, p. 10:*
"Kung patay na ang tao ay wala nang nalalamang anuman. Wala siyang isip. May bahagi ba ang patay sa anumang ginagawa ng buhay? Wala! Walang nababahagi ang patay."

NOTA: Ang sinasabi nilang ito ay patama sa atin o sa mga Katoliko na nagpapadasal sa mga yumao nilang minamahal sa buhay. Datapuwa't ang hindi natin kayang ilarawan ay kung sila ang nananalangin sa patay at nakikipagpunyagi kay Manalong patay na, ay malaya silang gumagawa, gaya nitong nakasulat sa kanilang PASUGO:

1 — PASUGO Mayo 1964, p. 3, (patula):
"Sa ubod ng aming puso at damdamin; Nagkapalad kami sa gintong layunin; Sa sikap ng Sugong naghirap sa amin.
Ang pagtatagumpay, dangal at alindog; Ng Iglesya ngayo'y banal na kaloob; Sa isang pag-asa kami ay nabuklod; Ang aming dalangin sa paninikluhod; Salamat sa SUGO... Salamat sa Dios."
Pansinin dito, na noong namatay si G. Felix Manalo ay noong Abril 1963. Kung gayon patay na si Felix Manalo, ay naninikiluhod silang nananalangin sa kanya.

2 — PASUGO Disyembre 1964, p. 2, (Patula): (Ukol kay Erdy)
"Tandang-tanda namin noon nang ang sugo ay namatay; Ikaw noon ay nanumpa sa harap ng kanyang bangkay; Para ko pang nakita na nagtaas ka ng kamay; At ikaw ay lumuluhang pangako ay inuusal; Ang sabi mo'y tutupad ka sukdang ikaw ay namatay; Mamahalin ang Iglesyang pasugo ng Amang Banal."

NOTA: Ano raw ang ginawa ni Eranyo Manalo? Nanumpang nakataas ang kanyang mga kamay sa harap ng bangkay ni Felix Manalong patay. At lumuluha raw na kanyang inuusal na mamahalin ang Iglesyang pasugo ng Dios na Banal — Hanggang siya'y mamatay!
Isa na naman ito sa mapagkikilanlan na hindi sa Dios at kay Cristo ang Iglesyang iyan; na itinatag lamang ni Felix Manalong tao't hindi sugo ng Dios.

At sapagkat mga tula lamang ang ating binasang ito, ay nais kong ipabatid sa lahat na huwag isipin, na hindi nila kinikilala ang mga tula

na nasusulat sa PASUGO sapagkat may Garantiya sila na kanilang kikilalanin, gaya nitong mababasa sa PASUGO p. 20,21:

"Hindi namin tinatalikuran kahit ang mga tula na nasa PASUGO. Kung may nagsabi na ang tula'y hindi dapat paniwalaan sapagkat bulaklak lamang ng dila, hindi ito ang paninindigan ng pangangasiwa ng Iglesya ni Cristo. Ito ang sagot sa isang sulat ni G. Julian A. Pinzon."

Iyan ang ating katibayan, na kanilang kinikilala ang mga tula na nasusulat sa kanilang PASUGO.

KABUUAN:

1. Pinatunayan ng Magasing PASUGO na si Cristo lamang ang tanging makapagtatayo ng Iglesyang magiging dapat sa Dios. At sinumang tao, maging marunong o mangmang ay walang karapatang magtayo ng Iglesya.

2. Pinatunayan din ng Magasing PASUGO na si G. Felix Manalo'y nagtayo ng Iglesya.

3. Nasusulat sa Magasing PASUGO na makikilala ang Sugo ng Dios at ang hindi sinugo sa pamamagitan ng mga aral na itinuro. Ang aral ng sugo ng Dios ay mula sa Dios. Ang aral ng hindi sugo ng Dios ay mula sa kanyang sarili.
   Pinatunayan ng Magasing PASUGO na ang mga aral na sinusunod ng INK — 1914 ay nagmula lamang kay G. Felix Manalo.

4. Ayon din sa Magasing PASUGO ay salu-salungat ang aral ang nasusulat, wala sa Bibliya at laban pa sa Bibliya.

PAKSA: IBANG ANGHEL SA APOC. 7:2-3

Ayon sa isang aklat ng INK—1914 na pinamagatang SULO p. 80-1 05, at gayundin sa kanilang Magasing PASUGO, ang hula sa Apoc. 7:1-3 ay ganito ang interpretasyon nina G. Felix Manalo at ng kanyang mga kaanib.

Apoc. 7: 1, (Apat na anghel)

1. Wilson ng Amerika
2. Lloyd George ng Englatera
3. Clemenceau ng Francia
4. Orlando ng Italya

Apoc. 7:2-3 (Ibang anghel)
Felix Manalo ng Pilipinas

1. *Ang ibang anghel (Apoc. 7:2-3) na umakyat sa sikatan ng araw upang pigilin ang apat na mga anghel (Apoc. 7:1) na ibig magpahamak ng daigdig ay Si G. Felix Manalo raw na taga Pilipinas. (o lumitaw sa Taguig, Rizal)*

2. *Ang hangin na nasasabi sa bersikulo 1 ng kapitul 7 ng Apoc. ay iyan daw naman ang unang Digmaang Pandaigdig (Hulyo 27, 1914)*

PALIWANAG: Ito ang pakahulugan ng mga salamangkero ng Bibliya na sina Manalo at ng kanilang mga panatikong Ministro.

Ngunit ang tanong ay ito naman:

1. *Ano ang kahulugan ng "Sigaw", Simboliko o Literal? (Apoc. 7:24)*
   a. Ang sagot nila dito ay: Simboliko — pangangaral ng dalisay na Ebanghelyo.

2. Napangaralan ba ni Felix Manalo ang apat na Ministro de Guerra noong 1914? — Hindi gaanong marunong ng English si G. Felix Manalo at narito sa Pilipinas noong 1914, kaya walang saysay ang batayan nilang ito.

   a. Marahil nagsenyasan sila ni Wilson at ni Lloyd George na isang Amerikano at Ingles. Aba! Hindi rin pala maaari sapagkat nasa Amerika at Englatera ang dalawa at si F. Manalo naman ay nasa Taguig, Rizal. Kahit sa senyasan ay hindi rin maaari, ano po!

   b. Kung sa wikang Ingles ay kakapusin si G. Manalo, sa wikang Frances at Italiano ay lalo siyang mangangamatis. Kaunting repaso mga kababayan.

   c. Kaya ang sagot nilang "Pangangaral ng dalisay na Ebanghelyo" ang Sigaw na tinutukoy sa Apoc. 7:2-3, ay hindi rin maaari kay G. Felix Manalo, kaya lumabas na palsipikador ng Bibliya.

PANSININ: Kung papansinin naman nila, na ang mga Apostol ni Cristo ay nauunawaan ang lahat ng wika ng araw ng PENTEKOTES nang sila'y nagsasalita, ay malayong maikapit nila sa kanila. Bakit? Sapagkat ang mga Apostol ay puspos ng Espiritu Santo,

samantalang si G. Felix Manalo ay puspos ng espiritu ng maling aral.

At ito ang mga karagdagang katanungan:

1. Natuloy ba ang unang Digmaan? (Natuloy po ayon sa kasaysayan)
2. Sinunod ba ng apat na anghel si G. Felix Manalo na sina: Clemenceau, Lloyd, Orlando at Wilson? (Hindi sila sumunod kay Manolotos)
3. Ano kaya ang matuwid na dahilan?

a. Ang Francia ay napaloob sa Digmaan noong Agosto 3, 1914. Pansinin: Hulyo 27, 1914 nang itatag ni G. Felix Manalo ang kanyang Iglesya. Pitong araw na hindi niya napigil ang Francia, at hindi pa sumali noong inumpisahan niyang sinisigawan. (Malaking lamat ng utak si Felix Manalo)

b. Ang Englatera ay lumahok sa Digmaan noong Agosto 4, 1914 Pansinin: Hulyo 27, 1914 nang itayo ni G. Felix Manalo ang kanyang Iglesya. Walong araw na sigaw ng sigaw si Felix Manalo noon ay hindi rin siya pinakinggan ni George ng Englatera.

c. Si Orlando ng Italya ay Mayo 1915 nang napaloob sa Digmaan. Isang taon na namang nagsisigaw si Manalotos at hindi niya napigil si Orlando.

d. At ang Amerika ay Abril ng lumahok sa Digmaan.
Pansinin: Huly 27, 1914 nang itatag ni G.Felix Manalo ang Iglesyang tinagurian niy ang INK. Tatlong taon na namamalat sa kasisigaw ay hindi pinansin ni Wilson ng Amerika. (Ito ang panaginip ng Iglesya Manalista sa katanghaliang tapat. Ano ang kapansin-pansin?

1. Francia — Agosto 3, 1914
   nang lumahok sa Digmaan
2. Englatera — Agosto 4, 1914
   nang lumahok sa Digmaan
3. Italya — Mayo 1915
   nang lumahok sa Digmaan
4. Amerika — Abril 6, 1917
   nang lumahok sa Digmaan

Dito'y pansinin: Hulyo 27, 1914 nang nagsisigaw si G. Felix Manalo, at ang kanyang sinisigawan ay itong apat na Ministro de Guerra. At sa ibang

pakahulugan; sinisigawan niya ang mga hindi pa napaloob sa Digmaan. Kung gayon parang nasisiraan siya ng bait sapagkat inaaralan niya o sinisigawan ang mga wala.

At ngayon naman ay linawin natin ang apat na larawan ng apat na anghel na nasa aklat nilang pinamagatang "SULO" sa p. 82-83. At ang apat na anghel na ito ay panay na may pakpak, ay inilarawan sa apat na sulok ng lupa, at mababasa sa ibaba nito: "At nakita ko ang apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok ng lupa" (Apoc. 7:1). Ang apat na anghel na ito ay ang Big Four, Francia, Englatera, Italya, at Amerika na nakatayo sa apat na direksiyon g mundo; ang Silangan, Kanluran, Hilaga at Timog. (Nakalarawan ding naka-amerikana ang apat na kumakatawan sa apat na anghel.)

PANSININ: Ang tatlo sa kanila ay pawang taga Europa. (Englatera, Francia at Italya) At si Wilson naman ay taga Amerika. Kaya dahil diyan ay kamangmangang sabihing nasa apat na direksiyon ng mundo ang naturang apat.

At ito namang talata 3 ng kapitulo 7 ng Apoc. na ganito ang sinasabi: "hanggang sa aming matatakan sa kanilang mga noo ang mga alipin ng ating Dios".

Pansinin: Tinawag ito ng "ibang anghel na kaatin niya ang apat na anghel."

Ang tanong naman natin ay ito: Umanib ba sa INK na itinayo ni G. Felix Manalo ang apat na anghel o ang apat na Ministro de Guerra, upang maging kaating Dios nina G. Felix Manalo? (Hindi po) At sapagkat hindi nga kung gayon paltos na naman ang nasusulat sa Magasing PASUGO Peb. 1968 p. 20 na ganito ang sinasabi:

"Sino ang tinutukoy ng salitang "dahil sa atin? Lahat ba ng taong makababasa at nakarinig ng salitang ito? Ang tinutukoy ng salitang "dahil sa atin" ay ang nagsasalita at ang kinakausap. Sino ang nagsasalita? Ang nagsasalita ay si Apostol Pablo, Ministro ng Iglesya ni Cristo at ang kinakausap niya'y ang mga kaanib ng Iglesya ni Cristo."

Ang ibig nilang palitawin dito, ang magkakaanib at iisang pananampalataya ay siyang magkaka-atin. At ayon pa rin sa PASUGO Mayo 1964, p. 1, sinasabi nilang "ang tanging may Dios ay si Felix Manalo at ang mga umugnay sa kanyang gawain".

At sapagkat hindi natatakan o umanib sa Iglesya Manalista ang apat na

Ministro de Guerra, kaya hindi totoo na si Felix Manalo ang "ibang anghel" sa Apoc. 7:2-3, at hindi rin totoo, na: sina Orlando, Clemenceau, George at Wilson ang apat na anghel sa Apoc. 7:1. At dahil dito ay nais kong ipabatid sa mga kinauukulan ang isa pa nilang patakaran na sila rin ang nagpapawalang saysay, na ito'y nasusulat sa kanilang PASUGO Mayo 1970, p. 32, na ganito ang sinasabi nila:

"Nasusulat sa Isaias 34:16... Kaya hindi dapat humigit sa nasusulat sa Banal na Kasulatan o Bibliya, ay sapagkat ito ay hindi kulang. Ito ay sapat na upang sampalatayanan sa ikapagiging dapat ng tao sa harap ng Dios. Hindi na ito nangangailangan ng kasama."

NOTA: Pansinin ang kanilang ginagamit na Reperensya, na hindi masusumpungan sa Banal na Kasulatan o Bibliya, na ang mga Reperensyang ito'y mga kasaysayan at iba-iba pa. Kaya kapuna-puna ang ginagawa nitong mga panatikong ito. Aral nila laban sa kanila.

PAKSA: SI G. FELIX MANALO BA ANG IBONG MANDARAGIT NA HINULAAN SA ISAIAS 46:11?

Ang ibong mandaragit na mababasa sa Isaias 46:11, ay mababasa sa PASUGO na si Felix Manalo raw ang tinutukoy, at ang talatang ito ni Isaias 46:11 ay ganito ang sinasabi:

"Buhat sa silanganan, tinatawag ko ang ibong mandaragit, buhat sa malayong lupain ang taong (gaganap) ng aking mga balak. Kung ano ang aking sinabi ay siya kong gagawin; kung ano ang aking binalak ay siya kong isasagawa".

PANSININ: Ang interpretasyon nina G. F: Manalo at ng mga panatikong MANALISTA ay ganito:

1. *Ang ibon ay mula sa silangan — W. History. B.S.A. p. 445*
2. *Ang tao na iyon din ang ibon ay mula sa malayong lupain, mga pulo ng dagat — Isaias 24:15, ang Pilipinas.*
3. *Si G. Felix Manalo ang ibong mandaragit mula sa Pilipinas.*

Ang ibong mandaragit na ito na hinulaan ni Propeta Isaias ay si Ciro na hari ng Persia, ayon sa mga Pantas at Dalubhasa sa mga Kasaysayan at sa Banal na Kasulatan.

Kaya ang hulang ito (Isaias 46:11) na ipinatutungkol ni G. Felix Manalo

sa kanyang sarili, ay hindi dapat bigyang pansin kung isasaalang-alang sa mga nailahad na mga paksa. Bakit? Sapagkat nasusulat sa Santiago 2:10 ang ganitong mga pangungusap:

"Sapagkat ang sinumang gumaganap ng buong kautusan, at gayon ma'y natisod sa isa, ay nagiging makasalanan sa lahat."

Si Felix Manalo'y napatunayan natin na hindi Sinugo ng Dios, ayon sa paliwanag ng kanilang Magasing PASUGO at gayon din sa Banal na Kasulatan; na anupa't ang mga itinurong aral ay hindi nagmula sa Dios kundi nagmula lamang sa kanyang sarili. Bakit? Sapagkat wala sa Bibliya at laban pa sa Bibliya. Ang Magasing PASUGO ay laban sa Magasing PAUGO.

Datapwa't bagaman wala nang pangangailangan pa o nasabi nga natin na hindi dapat pansinin pa ang bagay na ito, ay sa kapanan ng mga walang kabatiran sa hulang ito, narito ang pahapyaw na paglilinaw tungkol sa "silanganan at malayong lupain at mga pulo ng dagat" na kanilang pinagbabatayan na umano'y ang Bansang Pilipinas, at ilalahad natin ito sa pamamagitan ng mga tanong at sagot:

1 TANONG: Saang dako ng daigdig ang tinutukoy ng Banal na Kasulatan na Silanganan?

SAGOT: 1. Genesis 25:6:

"Datapwa't ang mga anak ng naging mga babae ni Abraham ay pinagbigyan ni Abraham Ng mga kaloob; at samantalang nabubuhay pa siya ay inilayo niya kay Isaac na kanyang anak sa dakong Silanganan sa lupaing silanganan."

Pansinin: Ang mga anak ni Abraham ay pinapunta sa Silanganan. Ang mga ito'y anak ni Abraham sa laman. Si Felix Manalo'y hindi anak sa laman ni Abraham.

2. Genesis 29:1,4:
"Nang magkagayo'y si Jacob sa kanyang paglalakbay ay napasa Lupain ng mga anak ng Silanganan. At sinabi sa kanila ni Jacob; mga kapatid ko, taga saan kayo? At kanilang sinabi, taga Haran kami". (kapatid —kapwa Israelita)

3. Deut. 4 :47-49:
"At kanilang sinakop ang kanyang lupain na pinakaari, at ang

lupain ni Og na Hari sa Basan, ang dalawang hari ni Amorreo, na nangasa dako pa roon ng Jordan sa dakong sinisikatan ng araw. Mula sa Aroer na nasa hangganan ng libis ng Arnon hanggang sa bundok ng Sion o Hermon at ang buong Araba sa dako roon ng Jordan sa DAKONG SILANGANAN hanggang sa dagat ng Araba sa ibaba ng gulod ng Pisga."

PANSININ: Ang SILANGANAN na binanggit sa Isaias 46:11, ay walang pangalan ng bansa na sinasabi. At sapagkat Bibliya ang may sabi nito, ay dapat din na Bibliya ang magsasabi kung saan naroroon. Ngayon, ipinakita at sinabi sa atin ang dakong tinatawag ng Bibliya na SILANGANAN. At ang sabi ay sa dako pa roon ng Jordan. (Pansinin sa mga talatang ito)

Dahil diyan ay maliwanag na paltos at kamangmangang sabihing sa Pilipinas ang tinutukoy na SILANGANAN sa Isaias 46:11. At huwag isali dito ang World History p. 445

At ngayon ay sisipiin natin ang nasa Isaias 24:15, na kanilang pinagbabatayan hinggil sa SILANGANAN at MGA PULO NG DAGAT, na ganito ang nasusulat:

"Kaya't luwalhatiin ninyo ang Panginoon sa SILANGANAN, samakatuwid bagay ang pangalan ng Panginoon, ang Dios ng Israel, sa MGA PULO NG DAGAT."

TANONG: Mayroon bang masusumpungan sa Banal na Kasulatan na lugar ng "MGA PULO NG DAGAT"?

SAGOT: Mayroon at si Isaias din ang una nating pasasagutin dito, at sa Isaias 11 :11-12a na ganito ang pahayag: "At mangyayari sa araw na yaon na ilalapag ng Panginoon uli ang kanyang kamay na ikalawa upang mabawi ang nalalabi sa kanyang bayan na nalalabi mula sa Asira, at mula sa Ehipto, at mula sa Patros, at mula sa Cus, at mula sa Elam, at mula sa Sinar, at mula sa Amoth, at mula sa "MGA PULO NG DAGAT".

PANSININ: Unawain sa mga binanggit dito na Walang nabanggit na Pilipinas.

Sa Esther 10:1 ay ganito ang sinasabi:

"At ang Haring Assuero ay nag-atang ng buwis sa lupain at sa mga "PULO NG DAGAT".

Ngayon ay ito naman ang tanong:
Ang bayang Pilipinas na maraming mga "PULO NG DAGAT" ay nagbayad po ba ng buwis kay Haring Assuero? O sa kasaysayan ng Bayang Pilipinas, mababasa po ba na nasakop ni Haring Assuero ang bansang Pilipinas? Sa tanong na ito'y tiyak na mangangamatis ang mga Manolotes panatikostes. Kaunting pagbubulay-bulay mga kababayan!

TANONG: Yaon bang "MALAYONG LUPAIN" na binanggit ni Propeta Isaias 46:11, saan naman mababasa at aling bansa ang tinutukoy?

SAGOT: Sa Isaias 39:3 ay ganito ang pahayag: "Nang magkagayo'y dumating si Isaias na propeta sa Haring Ezequias at nagsabi sa kanya; Anong sinasabi ng mga lalaking ito, at saan nanggaling na nagparito sila sa iyo? At sinabi ni Ezequias; Sila'y nagsiparito sa akin mula sa malayong LUPAIN." (Ang mga lalaking nabanggit dito ay ang mga pangkat ni Ciro)

Sa talatang ito ay ipinababatid sa lahat na ang MALAYONG LUPAIN na nasusulat sa Bibliya ay doon sa Babilonia at hindi sa Pilipinas. Dahil diyan, sino ngayon ang dapat paniwalaan, sina Manalo ba o si Isaias na sumulat sa Isaia 46:11, at Isaias 39:3? O ang World History nina Boak, Slosson at Anderson, p. 445, na ito ay ginagamit nilang patotoo upang linlangin ang mga walang muwang sa bagay na ito.

Dapat nating malaman ang buong katotohanan. Ang World History ay naglalaman ng mga katotohanan. Datapuwa't suriin ang mga bagay-bagay na inilalarawan ng bawat manunulat kung ano yaon. Isang halimbawa'y may sumulat sa lalawigan ng Abra at ilarawan niya ang apat na direksiyon: Silangan — Isabela, Kanluran — Vigan, Ilocos Sur; Hilaga — Laoag, Ilocos Norte; at Timog — La Union o Cabanatuan. Sa gayon, mayroon lamang hangganan na inilalarawan. Dahil diyan, siya na sumulat ang dapat tanungin kung ano ang ibig sabihin, at huwag sa ibang manunulat. Ang ibig kong ipagunita sa halimbawang ito, si Isaias ang nagpahayag ng SILANGAN, MALAYONG LUPAIN at MGA PULO NG DAGAT, siya rin ang dapat magturo kung nasaan ang mga sinasabi. O kaya, kung Bibliya ang pinagmulan ng mga bagay na sinalita, ay Bibliya rin ang magbigay ng liwanag.

Ngayon ay nais kong sariwain sa ala-ala ng mga kinauukulan ng bagay na ito

ay baka magtanim sila ng galit sa atin ay unawain nila ang nasusulat sa mga Magasing PASUGONG sumusunod:

1. PASUGO Okt. 1956, p. 29:
   "Bakit ang hindi nag-aral ng Iglesya ni Cristo ang iyong tuligsain? Ipakita ninyo sa pamamagitan ng Bibliya na mali ang aming mga aral. Ito ang dapat ninyong gawin.

2. PASUGO Marso 1962, P. 2:
   Makagagawa ka ng mabuti kung ang mga aral ng INK ay iyong tututulan at ipakita mo sa pamamagitan ng Bibliya. Kung iyan ay magagawa mo... makapaglilingkod ka pa sa Dios at makapaglilingkod ka pa sa kapwa mo tao." (sana'y maunawaan ng mga kinauukulan ang nasusulat na ito sa kanilang Magasing PASUGO).

PAKSA: ANG IGLESYANG LAGANAP SA MUNDO AY MAY SATANAS (DAW) NA DIABLO.

Ang Paksa na ating tatalakayin ngayon ay ang Iglesyang Pambuong Sanlibutan na siya raw ang nadaya ni Satanas at ang buong sanlibutan kay Satanas (Diablo)

PASUGO Setyembre 1970, p. 20:
"Sino ba ang nakadaya sa buong sanlibutan ayon sa itinuturo ng Banal na Kasulatan? Sa Apoc. 12:9 ay ganito ang ating mababasa: At inihagis ang malaking Ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas, ang nakadaya sa buong sanlibutan. *"Sinasabi ng Banal na Kasulatan o Bibliya na si Satanas o ang Diablo ang nakadaya sa buong sanlibutan. Kay Satanas ang Pambuong Sanlibutan. Kung ang Iglesya Katolika Romana ay pambuong sanlibutan o laganap sa buong sanlibutan kung gayon ito ang nadaya ni Satanas."*

Iyan ang paghatol nina G. Felix Manalo sa Iglesyang Pambuong Sanlibutan. Datapuwa't ang nais kong una sa lahat na bigyang pansin dito ay mali ang paggamit ng talata ng Bibliya. Bakit? Sapagkat ang tinatanong ng PASUGO ay kung sino ANG NAKADAYA SA BUONG SANLIBUTAN. At ang pinanagot na talata ay DUMADAYA ang sinasabi at hindi nakadaya; na anupa't dinadaya pa lamang at hindi nadaya na.

Dahil dito ay ito naman ang mga tanong:

1— T: Ito bang lglesya na itinaguyod nina Manalo ay para sa Pilipinas

lamang o pambuong mundo at naging laganap na sa buong daigdig?

S: Ang sasagot sa tanong na ito ay ang PASUGO na napalathala noong Abril 1969, at ang nababasa sa huling panakip ay ganito: (Patula) "Kung buhay ang sugo, makikita niya na hindi nasayang; Ang mga panahong kanyang ginugol nang siya'y mangaral; Saka ang Iglesya'y hindi lamang dito ngayon nakatatag; Tumawid na ito sa ibayong Pangpang nitong Pilipinas; Pati na sa Haway at sa San Francisco doo'y lumaganap; Nakatatag ngayon si Cristong pinakahahamak; Papaano di gayon ay kalat na ngayon ang mga kapatid; At nangakalatag sa palibut-libot ng buong daigdig." (Hindi totoo ito, ngunit napasilat — ...)

Dito pa lamang sa unang puntong ito, ay nangangamote na sina Manalotos. Bakit? Sapagkat sila ang may sabi na ang Iglesyang laganap o pambuong sanlibutan, ay siya ang nadaya ni Satanas na Diablo;

PANSININ: Ang kanilang mga Kapatid daw ay nangakalatag sa palibut-libot ng buong daigdig. Kahabag-habag na nilalang ng Dios.

2 — T: Mayroon pa bang ibang daigdig na kinaroroonan ng mga tao? O wala ba sina G. Manalotes dito sa daigdig na ito?

S: Narito rin sila na kasama natin sa mundo Kung gayon kay Satanas din sila, ayon sa kanilang sinabi, na kay Satanas ang buong mundo.

3 — T: Ang buong mundong ito, o ang mga nasa mundo ay kay Satanas na ba at hindi sa Dios?

S: Ang sabi ng mga talata ng Bibliya ay ganito: Salmo 50:7,12 "lyong dinggin, O Bayan, at ako'y magsasalita, O Israel, at ako'y magpapatotoo sa iyo; Kung ako'y magutom ay hindi ko sasaysayin sa iyo: sapagkat ang sanlibutan ay akin at ang buong narito." Idaragdag pa natin ang sabi sa 1 Corinto 10:26, ay ganito: pagkat ang lupa ay sa Panginoon at ang kabuuan ng narito."

KONKLUSYON: Sa anumang sabihin nina Manalo at ng kanilang mga panatikong Ministro; nasa Bibliya at wala sa Bibliya ay may nakaabang na panlunas na nasusulat sa PASUGO. At sa wakas mga kababayang Manalista ay nakikiusap ako sa inyo na sagutin at isulat sa Magasing PASUGO ang inyong mga paliwanag at opinyon sa mga inilahad kong ito.

Julian Pinzon

Si Solomon at si Manalo

Si Solomon ay marunong na Hari at naging dakila sa mga mata ng mga tao at sa paningin ng Dios; ngunit sa pagkakaroon niya ng maraming asawa ay naging masama siya sa mata ng Dios (3 Hari 11:1-4; Bibliya Protestante: 1 Hari 11 :1, 4).

Wala tayong nabasa sa Banal na Kasulatan na pangalang Felix Manalo na naging dakila kailanman sa mata ng tao kaya'y sa mata ng Dios; ngunit alam nating ang ibig gawin ni Manalo upang matulad kay Solomon, ayon sa nasasabi sa kanyang buhay, ay ang gawang pagkalabag ni Solomon sa kalooban ng Dios, — ang kasamaan, kung gayon, at hindi ang kabutihan ni Solomon ang pagiging Solomon ni Manalo. Mahigpit na ipinagbabawal ng Dios noong unang panahon, ngayon at kailanman ang gawang "pangangalunya" (Gen. 39:7-9; Ex. 20:14, 17; Mat. 19:18). Ang sinabi ng Dios na: "Kayo'y magpakarami" (Gen. 1:28), ay hindi batas o kaya'y utos, kundi isang pagpapala lamang. Sa katunaya'y gayon din: "kayo'y magpakarami", ang sinabi ng Dios sa mga hayop (Gen. 1:22), na alam nating walang ipinatutuntong batas na anuman sa mga lyon ang Dios.

Ang Anghel at si Manalo

Hindi kaila sa atin na ang bawat isa ay mayrong anghel na tagatanod na sumasapiling ng Dios (Mat. 18:10). Alam natin na ang anghel na sinusugo o sugo ng Dios ay espiritu, at saka walang asawa at di nag-aasawa kailanman. Ngunit ang pagkakaiba ni Felix Manalong tinatawag ding anghel ng ilan sa ating mga Pilipino (INK) sa tunay na Anghel na sinasabi sa Banal na Kasulatan, ay itong Manalong Anghel ay hindi nakakakita sa Dios, hindi nasasabi sa Banal na Kasulatan na nakarating siya sa Tronong kasama ng mga ibang Anghel, gaya ng nasasabi sa inaangkin niyang Pahayag 7:2-3, 11, na ang nasasabing mga Anghel doon ay nagsipaglagay ng mga tanda sa mga noo sa 144,000 sa bawat angkan ng Israel. At saka itong anghel na Manalo ay nasasabing may asawa at maraming "kulasisi", ayon sa nabasa natin sa unahan. (Anghel-Manalo, PASUGO Mayo 1952, p. 21)

Marahil ay sasabihin ng mga pikit-matang kumakapit kay Manalo ang ganitong pagmamatuwid: "Si Cristo man ay pinaratangan din".
Ngunit dapat malaman na talaga namang alam ng mga tunay na Katoliko na pinaratangan nga si Cristo, ngunit iba siya kay. Manalo, sapagkat si Cristo ay tunay na walang kasalanan at di siya nagkasala kailanman (Juan 8:46); alam natin kung bakit gayon ang nangyari at dapat mangyari kay Cristo.

BABALA:

Ang mga kapwa o Pilipino ay magsuri sanang mabuti, mag-isip ng mabuti, mag-ingat ng mabuti, sapagkat kailangang matupad, natupad, natutupad at matutupad ang hulang sabi ng ating Panginoon, na ganito: "At maraming bulaang propeta ang magsisibangon, at maililigaw nila ang marami" (Mat. 24:11).

Subalit kahabag-habag ang mga mangliligaw at ganoon din ang mga maililigaw Pahayag 20:9-10). At sa wakas ay lagi nating alalahanin aug sinabi ng ating Panginoong Jesu-Cristo na ganito: "Mangag-ingat kayo sa mga bulaang propeta (bulaang mangangaral) na naparirito sa inyo na may damit tupa (balatkayo) ngunit sa loob ay matatakaw na asong gubat. Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila. Makapuputi bago ang mga tao ng mga ubas sa mga tinikan, o ng higos sa dawagan? . . . Hindi ang bawat nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit: kundi ang gumaganap lamang ng kalooban ng aking Amang nasa langit" (Mat. 7:15,1 5, 21).

Mag-isip ang mga may pag iisip!

Lino D. Javier

Huling Tanong:

Bakit tinawag ni Felix M. Ysagun ang kanyang Iglesyang itinatag "Iglesya ni Cristo", kung hinamak niya si Cristo?

OUR LADY OF VICTORIES CHURCH,
consecrated on March 1, 1997
by H.E. Bishop Fellay,
is a mission church of the
Society of St. Pius X

* * *

The SOCIETY OF ST. PIUS X
is an official congregation
of Roman Catholic priests
and celebrates ***exclusively*** the
TRADITIONAL LATIN TRIDENTINE MASS, the Mass
canonized for all time by order of the Council of
Trent through the Papal Bull ***Quo Primum***
by Pope St. Pius V in 1570.



Our Lady of Victories Church
2 Cannon Rd., cor. Betty-Go Belmonte St.
Brgy. Mariana, New Manila, Quezon City
Tel.: 725-5926 / Fax: 7250725